

Protocol Para sa Programa Ng Pangangalaga Ng Mga Batang Na Sa Edad-Eskwela (School-Aged Children)

APPENDIX Z

Ang Long Beach Department of Health and Human Services (LBDHHS) ay nagpapatibay ng isang paraan na sinusuportahan ng agham at mga dalubhasa ng kalusugan para mapahintulutan ang ilang mga venue na magsagawa ng sa personal na negosyo habang na sa panahon ng pandemiko. Ang mga tagubilin sa ibaba ay partikular sa lahat ng programa, kasama na ang Early Care at Education (ECE) na mga programa, at iba pang mga programa na nagbibigay ng day care para sa mga batang pang iskwela ang edad (school-aged children) bago, habang at pagkatapos ng mga normal na oras ng iskwela. Itong mga sityo ay pinapayagan na magbukas ayon sa Utos ng State Public Health Officer. Karagdagan sa nga kondisyon na ipinataw ng mga partikular na venue ng Gobernador, itong mga tipo ng negosyo ay kailangang sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa checklist na ito. Ang mga sityo na lisensyado bilang Early care at Education Programs ay dapat sumunod sa patnubay ng kalusugang pampubliko ng Long Beach para sa ECE programs at iba pang mga regulasyon mula sa California Department of Social Services.

Paki Tala: Ang dokumentong ito ay maaari pang mabago sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon, tiyaking i-check ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa mga regular na pagbabago ng dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang:

- (1) Mga patakaran at mga pagsasagawa para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado at bata
- (2) Mga hakbang para masegurado ang physical distancing
- (3) Mga hakbang para masegurado ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at mga pamilya
- (5) Mga hakbang para masegurado ang pantay pantay na access ng mg serbisyong kritikal.

Ito ang limang mga aspeto na dapat matugonan habang ang inyong programa ay nagbubuo ng anumang mga protocol ng muling pagbubukas.

Lahat ng programa na sakop ng patnubay na ito ay dapat implementahin ang lahat ng mga angkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpaliwanag bakit ang anumang hakbang na hindi na-implementa ay hindi naangkop sa Programa.

**Pangalan ng
Programa:**

**Direksyon ng
Pasilidad:**

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

A. MGA PATAKARAN AT PASASAGAWA PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG MGA EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK ANG LAHAT NG ANGKOP SA PASILIDAD)

- Lahat ng maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay (tulad ng mga pang-opisina o administratibo) ay nautosan na.
- Mga staff na bulnerable (yung mga mas matanda sa 65, yung mga buntis, at yung may mga sakit na pabalikbalik (chronic) ay binigyan ng trabaho na maaari nilang gawin sa bahay kung posible.
- Mga proseso ng trabaho ay binago para mapadami ang mga pagkakataon na makapag-trabaho sa bahay ang mga empleyado. Isipin kung makakapag-alok sa mga trabahador at volunteer staff na humingi ng mga inamyendahang mga tungkulin para mabawasan ang kontak sa ibang tao (mga trabahong pang-administratibo)
- Mga salinsinan, o mga hindi sabay-sabay na skedyul ng shifts ay isinagawa kung posible para malubos ang physical distancing
- Mga empleyado (kasama ang mga bayad na staff at mga boluntaryo, tinatawag na ga empleyado) ay sinabihan na huwag pumasok kung may sakit, kung may nalapitan na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sundin ang patnubay para sa self-isolation at quarantine, kung naaangkop. Mga patakaran sa trabaho ay pinag-aralan at inamyendahan para masegurado na ang mga empleyado ay hindi maparusahan kung sila'y mananatili sa bahay gawa ng sakit.
- Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat tignan ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.
- Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok ang mga empleyado. Kailangan i-check kung may ubo, maikling paghinga, nahihirapang huminga at may lagnat o chills at kung ang empleyado ay may nalapitang may COVID-19 sa loob ng huling 14 na araw. Itong mga pag-check ay maaring gawin sa malayo o sa pagdating ng empleyado. Pag-check ng temperatura ay maar din gawin sa trabaho kung magagawa.
- Kung sakasakali na may tatlo o mahigit pang kaso ang nadiskubre sa trabaho sa loob ng 14 araw, ito ay i-rereport ng employer sa Department of Public Health sa (562) 570-4636.
- Mga empleyado na lumalapit sa ibang mga tao, ay aalukin ng libreng angkop na takip sa mukha na matatakpan ang ilong at bibig. Ang takip ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras habang nagtrabaho o kung malapit o may lalapitan na ibang tao. Mga empleyado na may utos mula sa kanilang mga medical provider na di sila dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, ayon sa pagsunod sa mga direktibo ng estado, basta ito ay pinapayagan ng kanilang kondisyon. Ang drape ay dapat hapit sa ilalim ng baba. Mga mask na may one-way valve ay di dapat gamitin. Mga empleyado ay di kailangan magsuot ng takip ng mukha kapag mag-isa sa opisina o nasa isang cubicle na may partiyon na mas mataas sa tangkad ng empleyado kapag siya ay nakatayo.
- May utos ang mga empleyado na hugasan o palitan ang kanilang takip sa mukha araw-araw.
- Aalukin ng gwantes ang mga empleyado para sa mga gawain tulad ng pagsilbi ng pagkain, pagtapon ng basura, o paglinis at sa mga disinfectant.
- Mga empleyado ay may utos na magpanatili ng di kukulang sa anim na talampakan na distansya mula sa mga bisita at sa isa't isa sa lahat ng lugar ng pasilidad kung posible. Mga empleyado ay maaring lumapit ng saglit kung kinakailangan para tumulong sa mga bata.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Mga restroom at mga karaniwang lugar ay madalas dini-disinfect.
- Mga disinfectant at mga katulad na produkto ay handa para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

- Hand sanitizer ang mabisa laban sa COVID-19 ay handa para sa lahat ng mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

- Pinapaalalahanan ang mga empleyado na dalasan ang paghugas ng mga kamay.
- Kopya ng protocol na ito ay pinamahagi sa bawat empleyado.
- Ang mga empleyado ay binigyan ng sarili nilang equipment at may intruksyon na iwasan ang pakikipaghiraman ng telepono, tablets, two-way radio at iba pang mga office supply o equipment. Hindi rin sila maaaring maghiraman ng PPE.
- Kung maghihiraman ng mga gamit, kailangan itong isidirect ng angkop na panlinis sa gawat paggamit o shift, kung alin ang mas malimit, kasama ang mga sumusunod: mga office equipment na ginagamit ng lahat, tulad ng mga copier, fax, printer, telepono, keyboard, stapler, staple remover, letter opener, mga ibabaw ng resepsyon, mga workstation na shina-share, audio at video equipment, talkie talkie at iba pa.
- May sapat na oras para sa mga empleyado para maisapatupad ang mga paglilinis sa kanilang shift. May mga nakatakdang panglilinis bilang bahagi ng kanilang nga gawain. Mga binagong oras, kung kinakailangan para masegurado ang ang regular, masusi at angkop na paglilinis. Isipin ang pagkuha ng mga tagalabas na kompanya na mga tagalilinis para makatulong sa mga karagadagang paglilinis kung kinakailangan.
- I-monitor ang pag-absent ng staff at magkaroon ng listahan ng mga na-train na staff kung mayroon.
- Lahat ng mga patakaran na isinalarawan sa checklist na ito, bukod doon sa mga kaugnay sa terms of employment ay inangkop din sa mga delivery at iba pang mga kompanya bilang mga nga third parties.
- Opsyonal – Isalarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA MASEGURADO ANG PHYSICAL DISTANCING

SA PAGDATING AT SA PAG-ALIS

- Limitahin ang bilang ng mga katao sa pasilidad sa bilang na angkop sa pagpapanatili ng physical distancing.
- Kung ang mga sasakyan (mga bus) ay ginagamit ng programa, ang mga driver ay dapat magsagawa ang mga aksyon ng kaligtasan at nang mga protocol na itinakda para sa mga staff (paghugas ng kamay, takip sa mukha at physical distancing).
 - Physical distancing sa sasakyan ay dapat ipatupad sa mga hakbang tulad ng isang bata ang sasakay sa isang sasakyan o ang paggamit ng salinsinang mga hanay.
 - Buksan ang mga bintana at lubusin ang espasyo sa pagitan ng mga bata at driver sa mga sasakyan kung posible.
- Lahat ng mga bata at bisita ay dapat magsuot ng takip sa pagdating at sa pag-alis.
- Bawasan ang kontak ng mga staff, bata at mga pamilya sa simula at tapos ng pasok.
- Ayusin ang hatidan at sunduan ng mga bata sa pinto ng pasilidad, kung posible, limitahin ang bilang ng mga magulang at bisita na kailangang pumasok sa gusali.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Hindi sabay sabay ang dating at pag-hatid at ang mga lokasyon para sa mabawasan ang mga balakid sa pag-iskedyul para sa mga pamilya.
- Itakda ang mga daanan para sa pasukan at labasan, gumamit ng maraming pasukand kung ito ay pwedeng gawin. Bumuo ng mga protocol para ma-limita ang kontak sa iba, kung kailan ito magagawa.
- Maglagay ng mga gabay, tulad ng mga tape sa sahig, bangketa at sa dingding, para masegurado na ang mga staff at mga bata ay nananatiling magkakalayo ng 6 talampakan sa mga linya at sa iba pang mga oras (lumikha ng mga daanang “one-way” sa pasilyo at sa mga linya ng hatidan at sunduan).
- Mga bata at mga staff ay dapat magkahiwalay sa mga grupo ng hindi hihigit sa 14 na mga bata at hindi hihigit sa dawalang adultong nagbabantay (mga “tropa” simula ngayon), kung saan ang mga nagbabantay na mga adulto ay magkakasama sa lahat ng mga aktibidad (pag-kain, mga laro) at umiwas ang paglapit sa mga tao na na hindi kasali sa kanilang tropa. Ang tropa ay nasa isang palaging magkakasamang grupo ng mga bata at sabay sabay sila sa mga aktibidad (tulad ng pag-kain, mga laro) at umiwas sa mga taong di nila kasama, ang mga mga regulasyon ng pag lisensya ay maaaring magtagubilin ng mas maliliit na mga grupo.

ESPASYO PARA SA LARO/LIBANGAN

- Aktibidad ng pangangalaga ng bata, sa loob at labas, ay kailangan gawin sa loob ng kanilang tropa, ang paghalubilo, kongregasyon at mga aktibidad ng ibang mga tropa ay dapat iwasan. Ang mga tropa ay di dapat humigit sa sa tagubilin ng kapasidad ayon sa patnubay na inilibas ng California Department of Social Services.
- Lahat ng mga bisita at mga bata ay kinakailangan magsuot ng takip ng mukha habang ng sa pasilidad, maliban kung natutulog, kumakain/umiinom, o may ginagawang mag-isa. Ito ay para din sa mga adulto at mga batang 2 taon o mas matanda. Mga tao lamang na pinagbabawal magsuot ng mask ng kanilang medical provider ang hindi kasali sa patakaran na ito. Para masuportahan ang kaligtasan ng mga empleyado at mga bisita, mayroong mga mask para sa mga bisita kung sila ay dadating na walang dalang mask.
- Lubus-lubusin ang mga espasyo sa pagitan ng mga upuan, desk at higaan. Mag-isip ng mga paraan kung paano mapaghihiwalay ang mga bata, tulad ng anim na talampakan sa pagitan ng mga silya, partiyon sa mga upuan, marka sa sahig para maipalam ang distancing, ayusin ang mga upuan sa paraan na mababawasan ang mga harapang kontak.
- Isipin ang pagbabago ng mga aktibidad para sa maliliit na grupo at ayusin ang mga muebles at ang mga lugar na laruan para mapananitli ang paghihiwalay.
- Ang staff ay dapat bumuo ng mga instruksyon para malubos ang paglagay ng espasyo at mga paraan para mabawasan malapitang kontak ng mga bata sa loob at labas, na madaling maintindihan ng mga bata at nang maging angkop ang paggamit ng mga tulong tulad ng mga marka sa sahig o senyas.
- Ipagbawal ang mga hindi esensyal na mga bisita, at mga aktibidad na may mga grupong magkakasabay.
- Ipagbawal ang mga aktibidad na pangmaramihan kung magagawa. Mga aktibidad na pangmaramihan ay dapat gawin lamang na mgakakatropang mga bata at staff. Mga interkasyon ng mga tropa ay dapat iwasan. Kung hindi magagawa, huwag pagsabay sabayin ang paggamit, lagyan ng mga espasyo ang nasa loob, liitan ang mga grupo at kung maaari, huwag pabago-bago at i-disinfect sa bawat paggamit.
- Limitahin ang mga pagtitipon at ang mga extracurricular na aktibidad para lamang sa makakapag-physical distancing at suportahaan ang wastong paglinis ng mga kamay.
- Gumamit ng mga alternatibong espasyo kapag kailagan, kasama ang paggamit ng espasyo labas, kung papayagan ng panahon. Halimbawa, mag-isip ng ibang paraan para malubos ang paggamit ng labas, paggamit ng cafeteria at labas para makapag-physical distancing.
- Bawasan ang mga pagtitipon kung ito ay magagawa. Halimbawa, kung ang tropa ng mga bata ay kadalasan pupunta sa lugar ng art, subukan na ang pagtuturo ng art ay gawin sa parehong kwarto kung nasaan ang mga

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

bata.

- Damihan ang mga aktibidad sa labas ng mga bata kung posible (mga aktibidad ng fitness, kantahan at mga hiyawan sa labas).

PAGKAIN

- Magdala ng sariling pagkain ang mga bata, at mag-physical distancing kung kakain o kumain sila kasama ng kanilang tropa, imbes na sa mga salu-salung kainan. Seguraduhin ang kaligtasan ng mga bata na may nga allergy sa ibang pagkain.
- Gumamit ng disposable ng mga kubyertos at plato. Kung walang mga disposable na gamit, seguraduhin na nag mga bagay ay hinahawakan ng nakagwantes at hugasan ng sabon at mainit na tubig o sa dishwasher. Mga tao ay dapat maghugas ng mga kamay pagkatapos mag-gwantes o pagkatapos humawak ng pagkain.
- Kung may alok na pagkain, magsilbi ng mga pre-packaged o balot na na pagkain para sa bawat kasali sa halip na buffet o salu-salo. Iwasan ang hiramang ng mga kubyertos at tikiman.

C. MGA HAKBANG PARA SA KONTROL NG IMPEKSYON

- Seguraduhin na ang staff at mga pamilya ay nalalaman ang mga pinahusay na mga paglilinis, patnubay ng physical distancing at kahalagahan nito, at wastong paggamit, pagtanggap at paghugas ng takip sa mukha, mga pag-screening at natatanging lugar para sa COVID-19.
- Magtakda ng tao na responsible sa pagtugon sa mga suliranin ng COVID-19. Lahat ng mga nag-aalaga at mga pamilya ay dapat kilala ang taong ito at kung paano sila makokontak. Itong taong ito ay dapat na-train para makipagugnayan sa dokumentasyon at pagsubaybay ng mga posibleng exposure, para ma-abisuhan ang staff at pamilya sa isang mabilis at responsableng paraan. Itong tao ito ay responsible din para ipaalam sa local health officials na mayroong 3 o mahigit na kaso ng COVID-19 sa loob ng 14 araw.
- Seguraduhin ang sapat na supply para sa mga pagsasagawa ng kalinisin, tulad ng sabon, tissue, mga no-touch na basurahan at mga hand sanitizers na may 60 porsiyento na ethyl alcohol para sa staff at sa mga bata na ligtas na makakagamit ng hand sanitizer.
- Turuan ang mga bata sa mga hakbang ng personal na proteksyon:
 - o Dalasan ang paghugas ng mga kamay bago kumain at pagkatapos; pagkatapos bumahing o umubo; pagkagaling sa labas; at pagkagamit ng restroom.
 - o Huwag hawakan ang mga mata, ilong at bibig.
 - o Takpan ang pag-ubo at pagbahing.
 - o Gumamit ng tissue para punasan ang ilong at pag-ubo/bahing sa loob ng tissue o sa siko.
- Mag isiap ng mga gawi para mapagayagan ang staff at mga bata na madalas makapaghugas ng kamay ng hindi sabay sabay.
- Mga bata at staff ay dapat maghugas nga kamay sa loob ng 20 segundo gamit ang sabon at kuskusing mabuti, gumamit ng paper towels para tuyuin ang mga kamay ng mabuti.
- Mga staff ay dapat maging halimbawa sa paghugugan ng kamay. Halimbawa para sa mas nakababata, gamitin ang oras sa banyo para maituro at ma-monitor ang wastong paraan ng paghuhugas.
- Mag hand sanitizer kung hindi makapaghugas. Ipahid ang hand sanitizer sa mga kamay hanggang matuyo. Paki tala: mas mabisa ang madalas na paghugas ng mga kamay, lalo na kung dumi ay kitang kita.
 - o Mga batang sa ilalim ng siyam na taon ay dapat gumamit ng hand sanitizer na binabantayan ng adulto. Tumawag sa Poison Control, kung naisubo: 1-800-222-1222. Ang hand sanitizer na may ethyl alcohol ay mas pinili kung sakaling hindi mababantayan ang mga bata. Ang isopropyl hand sanitizer ay mas

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

nakakalason at nasipsip ng balat. Huwag gumamit ng mayroong methanol.

- Tignan kung makakapaglagay ng mga stasyon ng hugasan sa loob ng sityo para mabawasan ang pagkumpulan sa mga banyo.
- I-suspende ang paggamit ng drinking fountain at sa halip hikayatin ang paggamit ng mga reusable na bote ng tubig.
- Mga madalas na hinahawakang bagay tulad ng hawakan ng pinto, switch ng ilaw, gripo, banyo, mesa at mga sasakyan ay dapat nililinis araw araw at madalas sa buong araw.
- Limitahin ang paggamit ng playground equipment, sa halip, magsagawa ng mga aktibidad na pisikal na hindi masyadong mahahawakan ang mga ibabaw.
- Limitahin ang hiraan ng mga laruan, games at mga art supplies, kung hindi maaari linisin at i-disinfect sa bawat paggamit.
- Magkaroon ng maraming mga laruan na madaling kunin at madaling linisin at i-disinfect sa buong araw o maglagay ang mga bins na may etiketa para sa mga laruan ng bawat bata. Seguraduhin na ang mga laruan na mahirap linisin (mga malalambot na laruan) ay tinanggal sa classroom o bantayan kapag gagagamitin ng mga bata.
- Sa pagpili ng mga produktong panglinis, gamitin ng mga inaprubahan “N” List ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga intruksyon. Maaaring naglalaman ito ng mga ingredyente na ligtas para sa hika.
- Gumamit ng disinfectant na mabisa laban sa mga umusbong na pathogens, sundin ang direksyon para sa tamang pagtimpla at tamang oras ng paglagay. Bigyan ng training ang mga empleyado hinggil sa panganib ng mga kemikal, direksyon at mga tagubilin ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit.
- Mga naglilinis na nagsasagawa din ng disinfecting sa sityo ay dapat binigyan ng mga angkop na protective equipment, tulad ng gloves, proteksyon sa mata, proteksyon sa paghinga at iba pang protective equipment na tinagubiling ng intruksyon ng produkto. Lahat ng mga produkto ay di dapat maabot ng mga bata at nakatabi sa isang lugar na di maaring kunin ng lahat.
- Kapag maglilinis, pahanginan ang espasyo bagu dumating ang mga bata; planuhin ang paglinis kapag wala ang mga bata. Kung gagamitin ang airconditioner, gamitin ang setting na nagdadala ng sariwang hangin. Palitan at i-check ang filter para makasegurong maganda ang kalidad ng hangin.
- Kung ang pagbukas ng bintana ay magiging mapanganib sa kalusugan o kaligtasan, mag-isip ng ibang paraan para mapahusay ang daloy ng hangin tulad ng malakas na central air filtration para sa HVAC systems (ang target na antas ay di kukulang sa MERV 13).
- Gumawa ng mga hakbang para masegurado na ang sistema ng tubig (tulad ng mga drinking fountain at iba pang fountain) ay ligtas para gamitin pagkatapos ng matagal na pagkakasara para mabawasan ang panganib ng impeksyon tulad ng Legionnaire’s disease.

PAG-SCREEN NG MGA BATA

- I-train ang staff at turuan ang mga bata at kanilang mga pamilya kung kailan sila mananatili sa bahay o kung kailan babalik sa pangangalaga ng bata. Hikayating mabuti ang mga staff at mga bata na may sakit o may nalapitan na mayroong COVID-19 na manatili sa bahay.
- Bukod sa pag-screen ng staff sa kanilang pagdating, lahat ng mga bata ay dapat ma-screen sa kanilang pagdating sa pasilidad:
 - o Magsagawa nag wellness check sa lahat ng mga bata sa kanilang pagdating; maaaring kasama dito ang pagkuha ng temperature sa umpisa ng pagpasok gamit ang no-touch na thermometer. Kung walang thermometer na no-touch, pag-report ng pagsuri ng temperature ay tatanggapin din.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Tanunging lahat ng mga tao tungko sa mga sintomas ng COVID-19 sa loob ng 24 oras at kung mayroon sa kanilang bahay na may sintomas ng COVID-19 o nag-positive sa test. Mga pag-check ng sintomas ay gagawin sa pagdating nga bisita sa pasilidad. Kasama sa pag-check ang pagtingin kung may ubo, maikli ang paghinga, hirap huminga at lagnat at chills at iba pang mga sintomas. Ang pag-check ay maaaring gawin sa personal o sa ibang paraan tulad ng on-line check in o sa mga karatula na nakapaskil sa pasukan na nagsasabing lahat ng mga bisita na may sintomas ay huwag pumasok sa loob.
- ❑ Huwag isama ang sinumang bata, magulang, taga-alaga na may sintomas COVID-19.
I-monitor ang staff at ang mga bata sa buong araw para sa mga senyas ng karamdaman; pauwiin ang mga bata at staff na may lagnat na 100.4 grado o mas mataas, ubo o iba pang sintomas ng COVID-19. Papuntahin ang mga tao sa angkop na medical facility kaysa pauwiin sila sa bahay kung kinakailangan.

KUNG MAGKAKASAKIT ANG STAFF O MGA BATA

- ❑ Magtakda ng isang isolation room o lugar para naghiwalay ang sinomang mayroong sintomas ng COVID-19. (lagnat, chills, ubo, maikling paghinga, o hirap huminga, matinding kapaguran, pananakit ng katawan o kalamnan, sakit ng ulo, pagkawala ng panlasa o pangamoy, sakit ng lalamunan, baradong ilong o sinisipon, pagduduwal, pagsusuka at pagtatae).
- ❑ Seguraduhing may suot silang takip sa mukha o surgical mask kung sila ay mahigit sa 2 taon at walang problema sa paglagay o pagtanggap ng mask o kung may problem sa paghinga pag nagsusuot ng mask.
- ❑ Ang bata o ang staff na may sintomas ay dapat manatili sa isolation room hanggang sila ay maaari nang dalhin sa bahay o sa isang pagamutan.
- ❑ Magkaroon ng mga proses para sa ligtas na pagdala nang may sakit sa kanilang bahay o pagamutan, kung angkop. Tumawag sa 9-1-1- sa lalong madaling panahon kung may nararamdamang masakit o mabigat ang dibdib, pagkalito, o kung ang labi at mukha ay nangangasul.
- ❑ Dapat seguraduhin na may isang tao o mahigit pa nang mga numero para sa madaliang pag-abiso kung ang bata ay magkaroon ng sintomas ng sakit.
- ❑ Payuhan ang may sakit na staff o bata na huwag munang bumalik kung nakamit nila ang batayan para sa pagpahinto ng home isolation kasama ang 24 oras na walang langant, bumuti ang sintomas, at 10 araw ang nakalipas simula nang unang lumabas ang sintomas. Tignan ang public health guidadance para sa isolations para sa karagdagang [detalye](#).
- ❑ Payuhan ang mga nalapitan na manatili sa bahay sa loob ng 14 araw pagkatapos ng huling kontak at i-monitor ang mga sintomas ng COVID-19. Tignan ang public health guidadance para sa isolations para sa karagdagang [detalye](#).
- ❑ Kung sakaling may 3 o mahigit pa na nag-positive ng COVID-19 sa loob ng 14 araw, ipaalam sa local health officials, staff at lahat ng pamilya kaagad habang panatiliin ang ang pagkakonpidensyal ng situwasyon bilang tagubilin ng estado at ng mga batas pederal.
- ❑ Isara ang mga lugar kung ito ay ginamit ng isang taong may sakit at huwag gamitin hangga't hindi nalilinis at na di-disinfect. Maghintay ng 24 oras kung posible bago linisin o i-disinfect kung posible.
- ❑ Seguraduhin ang ligtas at tamang paggamit ng disinfectant gamit ang PPE at ang bentilasyon na nirerekomenda para sa paglilinis. Ilayo ang mga produkto ng panlinis at disinfectant sa mga bata.
- ❑ Kung maraming nahawa, sa pakikipagugnayan sa local public health department, ang angkop na childcare administrator ay maaaring isipin na magsara kung karapatdapat at ang haba ng panahon ay batay sa antas ng panganib sa loob ng partikular na komunidad:
 - Kung sarado ang programa, huwag hikayatin ang mga staff, estudyante at kanilang pamilya na magtipon-tipon sa kung saan man lugar. Kasama dito ang mga group childcare arrangement, pati na

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

rin ang mga lugar tulad ng bahay ng kaibigan, paboritong restawran at malapit na shopping mall.

LIMITAHIN ANG HIRAMAN

- Ihiwalay ang mga gamit ng bawat bata at ilagay sa mga kanilang mga sariling lalagyan na may etiketa. Seguraduhin na ang kanilang mga bagay ay kanilang i-uuwi araw araw para linisin at idisinfect.
- Seguraduhin na may sapat na supply para mabawasan ang ang hiramang mga madalas gamiting mga materyal (art supplies, equipment at iba pa) o limitahin ang paggamit ng supply at equipment sa isang grupo lamang sa isang beses at idisnifect sa bawat paggamit.
- Iwasan ang paghiraan ng mga electronic device, laruan, mga libro at iba pang mga laro o mga learning aid, kung magagawa.

D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Panatiliin ang komunikasyon na nagpapahintulot sa staff at mga pamilya na i-report nila ang kanilang mga sintomas at tumanggap ng mabilis na notipikasyon ng exposurue at pagsara, habang pinapanatili ng pagka kompindensyal.
- Kopya ng protocol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pasukan.
- Mga karatula ay nakapaskil sa buong lugar na nagpapaalala sa mga guro at mga bata na kailangan mag-physical distancing at ang paggamit ng takip sa mukha. Mga karatula ay nakapaskil sa nagsasabi sa mga bisita na manatili sa bahay kung may sintomas ng sakit pang-respiratoryo.
- Ang mga online outlets (website, social media at iba pa) ay nagbibigay ng maliwanag na impormasyon tungkol sa physical distancing, paggamit ng takip sa mukha at iba pang ga isyu.

E. MGA HAKBANG SA PANTAY PANTAY NA ACESS SA MGA SERBISYONG KRITIKAL

- Mga serbisyo na kritikal para sa mga bata ay binigyan ng prioridad.
- Mga hakbang ay tinaguyod para masegurado ang serbisyo sa mga bat ana may limitasyon sa paggalaw at/o mataas ang panganib sa lugar pampubliko.

Anumang karagdagang mga hakbang na hindi naisama ay ilista sa hiwalay na pahina, na ilalaki ng negosyo sa dokumentong ito.

Maari niyong kontaking ang sumunod na tao kung may tanong o komento hinggil sa protocol na ito:

Pangalang nga Kontak sa Negosyo:

Telopono:

Petsa ng Huling Paababao:

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**